## Tungkol saan ang modyul na ito

Ang Pilipinas ay ilan lang sa mga bansang nasa Silangang Asya na madalas na nakararanas ng iba't ibang uri ng kalamidad kagaya ng bagyo, lindol, pagputok ng bulkan at maging pagbaha. Ikaw, anong paghahanda ang ginagawa mo bago dumating ang kalamidad? Mababasa sa modyul na ito ang mga dapat gawin at mga bagay na dapat ihanda bago dumating ang kalamidad.

Bukod dito, matututuhan mo rin sa mga aralin ng modyul na ito ang pagsusulat, pagbabasa at pagbibilang.

Nahahati ang modyul na ito sa apat na aralin.

Aralin 1: Paghahanda sa Panahon ng Bagyo
Aralin 2: Mga Paghahanda sa Panahon ng Baha
Aralin 3: Paghahanda sa Panahon ng Lindol
Aralin 4: Paghahanda sa Pagputok ng Bulkan

## Ano-ano ang matututuhan sa modyul na ito?

Matapos mapag-aralan ang modyul na ito, magagawa mo na ang sumusunod:

1. nasasabi ang mga paghahanda bago dumating ang bagyo at pagbaha

2. nakababasa ng mga payak na pangungusap batay sa paksa

3. nakababasa at nakasusulat ng mga payak na salita na tumutukoy sa paksang tinatalakay at

4. nakikilala at nakasusulat ng bilang mula 1-100.

Isulat sa sagutang papel ang tsek (✓) kung dapat gawin sa oras ng sakuna at ekis (X) kung hindi.

_______________ 1. Makinig sa mahahalagang balita ukol sa bagyo.

_______________ 2. Maglakad sa gitna ng baha.

_______________ 3. Mag-imbak ng pagkain bago dumating ang bagyo.

_______________ 4. Uminom ng tubig na galing sa poso na binabaha.

_______________ 5. Kumpunihin ang sirang bahagi ng bahay bago dumating ang bagyo.